# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ______________________ Antas/ Baitang: ____________ Puntos: __________
Paaralan: ____________________ District / Cluster: __________ Division: ____________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 4** **Quarter: 3**

- Napatutunayang ang piniling uri ng pagpapahalaga batay sa hirarkiya ng mga pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag -unlad ng ating pagkatao.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Nauunawaan ng mag-aaral ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga;
2. Naisasagawa ng mag- aaral ang paglalapat ng mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng kaniyang mga pagpapahalaga; at
3. Nakapipili ng pagpapahalaga na naayon sa Hirarkiya ng Pagpapahalaga.

## Panimula

**Basahin ang teksto:**

Noong nakaraang aralin ay natutuhan mo ang mga halimbawa ng mga pagpapahalaga at ang hirarkiya ng pagpapahalaga. Naunawaan mo din ang iba't ibang antas ng iyong mga pagpapahalaga. Sa ganitong pagkakataon, nalaman mo na din kung ang iyong mga pagpapahalaga ba ay nararapat o hindi nararapat.

Ngunit hindi sapat na alam mo lamang ang mga kinabibilangan nitong hirarkiya, kailangan din na alamin mo kung mga napiling pagpapahalaga ay nababatay sa moralidad at tamang prinsipyo. Palaging iisipin na ang mga pagpapahalaga na mayroon ka sa iyong buhay ang syang maghuhubog sa iyong pagkatao at gagabay sa iyong mga magiging desisyon sa buhay.

*Pinagkunan: Edukasyon sa Pagpapakatao Kagamitan ng Mag-aaral (pahina 187- 200)*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

Panuto: Tunghayan ang mga larawan sa ibaba. Pumili lamang ng lima (5) mula sa mga ito kung alin sa mga ito ang iyong pagtutuunan ng oras at atensyon. Ilagay ang iyong sagot sa loob ng treasure box.

Pera o Salapi



Pamilya




Pananampalataya



Bagong Bahay



Masasarap na Pagkain



Kaibigan





Kapayapaan




Pagtulong sa Kapuwa





# Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

______1. Si Avira ay walang gana sa pag-aaral sapagkat sila ay may kaya sa buhay at sinusuportahan sya ng kanyang mga magulang. Wala syang ibang nais kundi mag-shopping at lumabas kasama ang mga kaibigan. Anong hirarkiya ng pagpapahalaga ang kanyang pinapakita.

A. Pambuhay na Pagpapahalaga
B. Pandamdam na Pagpapahalaga
C. Ispiritwal na Pagpapahalaga
D. Banal na Pagpapahalaga.

______2. Ito ang hirarkiya ng Pagpapahalaga na nakatuon sa kaayusan at mabuting kalagayan.

A. Pambuhay na Pagpapahalaga
B. Pandamdam na Pagpapahalaga
C. Ispiritwal na Pagpapahalaga
D. Banal na Pagpapahalaga

______3. Si Gienua ay isang matagumpay na negosyante ng mga malalaking hotel sa buong Pilipinas ngunit ang tunay nagbibigay ng kasiyahan sa kanya ay ang pagtulong sa mga batang lansangan. Marami syang inampon sa mga ito at pinag-aral. Anong antas ng pagpapahalaga ang kanyang pinapakita.

A. Pambuhay na Pagpapahalaga
B. Pandamdam na Pagpapahalaga
C. Ispiritwal na Pagpapahalaga
D. Banal na Pagpapahalaga

______4. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga Hirarkiya ng Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler **maliban** sa:

A. Pagpapahalaga sa kapayapaan at katarungan.
B. Pagpapahalaga sa pagkilala sa mga kaibigan.
C. Pagpapahalaga sa pananampalataya at kahandaan sa pagharap sa Diyos.
D. Pagpapahalaga sa pagkain at tirahan.

______5. Palaging naglalaan si Melanie ng isang linggo sa bawat taon kung saan sya ay nagpapahinga at nagrerelax. Para sa kanya, mahalaga sa buhay ng isang tao ang pagkakaroon ng malusog na pangangatawan, isip at emosyon.

A. Pambuhay na Pagpapahalaga
B. Pandamdam na Pagpapahalaga
C. Ispiritwal na Pagpapahalaga
D. Banal na Pagpapahalaga

# Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Panuto**:** Isulat kung **SANG-AYON** o **HINDI SANG-AYON** sa mga pahayag.

__________________1. Ang moral na kilos ay nagaganap kung ang isang tao ay pumipili ng isang pagpapahalaga kapalit ng iba pang mga pagpapahalaga.

__________________2. Maituturing na masama ang isang gawain kung ang mas piniling gawin ang mas mababa kaysa mas mataas na pagpapahalaga o negatibong pagpapahalaga kaysa positibong pagpapahalaga.


__________________3. Hindi nakasalalay sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan na pumili ng tama at batay sa mga moral na prinsipyo ang pagkatao ng tao.

__________________4. Ang pananaig ng paggawa ng mabuti laban sa masama ang nakakapagpataas ng pagkatao ng tao.

__________________5. May likas na kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga sa lalim ng kasiyahang nadarama sa pagkamit nito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**


Panuto: Mula sa mga napili mong mga kasalukuyang pagpapahalaga sa nakaraang aralin, Gumawa ka ng sariling baitang ng mga Pagpapahalaga batay sa mga Hirarkiya ng Pagpapahalaga ni Max Scheler.



# Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:**

Mahalaga ba na binigyan mo ng pansin ang mga mababang antas ng iyong mga pagpapahalaga? Ano ang natuklasan mo kaugnay sa iyong mga pagpapahalaga mula sa mababang antas ng iyong pagpapahalaga? Ano ang dapat mong gawin upang ito ay mapataas? Isulat mo ang pagninilay na ito sa iyong dyornal sa ibaba.



# REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Link and Reference

Edukasyon sa Pagpapakatao Kagamitan ng Mag-aaral (pahina 187- 200)

Mga Larawan

https://chinkeetan.com/2018/05/26/pera-chinkee-tan-wealth-coach-3/,retrieved February 5, 2021

https://paintingvalley.com/open-treasure-chest-drawing, February 5, 2021

https://ph.lovepik.com/image-401015216/jane-brush-painting-family.html, retrieved February 5, 2021

https://angui15.wordpress.com/2011/09/17/, retrieved February 5, 2021

https://room.technoluxpro.com/tl/dom/chertezhi-domov.html, retrieved February 5, 2021

http://margaretbullos.blogspot.com/2016/01/pagkain-ang-pagkain-ay-isa-sa-pinaka.html, February 5, 2021

https://tl.fanpop.com/clubs/friends/images/11849911/title/drawing-fanart, February 5, 2021

https://www.spreadshirt.dk/shop/design/peace+bird+free+peace+symbol+sejr+ingen+krig+posters-D5ec2a9d8e44742112158e49d?sellable=5, retrieved February 5, 2021

https://www.facebook.com/superpinoyclans/posts/buhayin-ang-kagandahang-asalnapakaraming-kapuri-puring-asal-at-tamang-pag-uugali/1159119637437237/, retrieved February 5, 2021